# Mga Dayuhang Manggagawa At Mga Numero ng Social Security

Ang mga numero ng Social Security ay ginagamit upang iulat sa gobyerno ang mga sahod ng indibidwal at upang matukoy ang pagkakarapat-dapat ng isang tao sa mga benepisyo sa Social Security. Kailangan mo ng isang numero ng Social Security upang makakuha ng trabaho, kumolekta ng mga benepisyo sa Social Security at tumanggap ng ibang mga serbisyo ng gobyerno.

Kung ikaw ay pansamantalang nasa Estados Unidos para magtrabaho, ang iyong employer ay hihingan ka ng iyong numero ng Social Security. Sa pangkalahatan, tanging ang mga hindi mamamayan na binigyan ng pahintulot ng Kagawaran ng Seguridad sa Tinubuang-Bayan (Department of Homeland Security, DHS) na magtrabaho sa Estados Unidos ang maaaring makakuha ng numero ng Social Security.

Bagaman na mayroong ibang mga negosyo, katulad ng mga banko at mga kompanyang nagpapautang (credit companies), na humihingi rin ng iyong numero, hindi mo kinakailangang ibigay ito. Maaari kang makakuha ng maraming mga serbisyo ng walang numero ng Social Security, kabilang na ang lisensya sa pagmamaneho.

## Ano ang kailangan kong gawin para makapag-trabaho sa Estados Unidos?

Una, dapat ay mayroon kang mga dokumento na nagpapakita ng iyong katayuan sa U.S. Immigration at kapahintulutan na magtrabaho sa Estados Unidos. At pagkatapos, dapat kang mag-apply ng isang numero ng Social Security at card o tarheta mula sa Social Security Administration. Gayunpaman, aming inirerekomenda na ikaw ay maghintay nang 10 araw matapos dumating sa Estados Unidos sa pag-apply ng isang numero sa Social Security. Ito ang siyang magbibigay katiyakan na ang Social Security ay maaaring mapatunayan ang iyong mga dokumento.

## Paano ako makakapag-apply ng isang numero ng Social Security at card?

Ang pag-apply ng numero at card ng Social Security ay libre. Upang mag-apply:

- Kumpletuhin ang *Aplikasyon para sa Tarheta ng Social Security* (Form SS-5-TL); at
- Ipakita sa amin ang orihinal na mga dokumento na nagpapatunay ng iyong:
  - — Pagkakakilanlan;
  - — Pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho; at
  - — Edad.
- Dalhin ang nakumpletong aplikasyon at mga orihinal na dokumento sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

***Lahat ng mga dokumento ay dapat mga orihinal o mga kopya na ipinagtibay ng nagbigay na ahensya. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy o notaryadong mga kopya ng mga dokumento.*** Hindi rin kami maaaring tumanggap ng resibo na nagpapakita na ikaw ay nag-apply para sa dokumento.

Maaari kaming gumamit ng isang dokumento para sa dalawang mga layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong pahintulot na magtrabaho mula sa DHS bilang katibayan sa iyong pagkakakilanlan at sa pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho. Ang iyong katibayan sa kapanganakan (birth certificate) o pasaporte ay maaaring magsilbing katibayan ng edad. ***Kailangan mong magbigay ng hindi bababa sa dalawang magkabukod na mga dokumento***.

## Pagkakakilanlan at pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho

Upang patunayan ang iyong pagkakakilanlan at pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho, ipakita sa amin ang iyong kasalukuyang mga dokumento sa U.S. Immigration at ang iyong hindi pa pasong banyagang pasaporte. Kabilang sa mga katanggap-tanggap na mga pandarayuhang dokumento ay ang iyong:

- Form I-551;
- Form I-94 (*Arrival/Departure Record — Talaan ng Pagdating/Pag-alis*) na nagpapakita ng kapahintulutan na magtrabaho mula sa DHS; o
- Form I-766 (kapahintulutan na magtrabaho mula sa DHS).

**Mga panauhing nakikipagpalit** Ang isang AJ-1 na bisita ay dapat ding magpakita sa amin ng DS-2019, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status* (*Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuan ng Panauhing Nakikipagpalit*). Dagdag pa, ang mga J-1 na estudyante, mga mag-aaral na interno at mga dayuhang bisita ay dapat magpakita ng isang sulat mula sa tagatangkilik (sponsor letter) upang patunayan ang trabaho. Ang kasulatan ay dapat nasa letterhead ng tagatangkilik na mayroong orihinal na lagda na nagbibigay pahintulot sa iyong pagtatrabaho.

**Mga dayuhang mag-aaral:** Ang isang F-1 o M-1 na estudyante ay dapat ding magpakita sa amin ng isang Form I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status* (*Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuan ng Hindi Nandarayuhang Mag-aaral*). Maaaring kailanganin ang karagdagang kasulatan o dokumentasyon na nagpapatunay sa iyong pagiging karapat-dapat na magtrabaho. Para sa karagdagang impormasyon, humiling sa *Mga Pandaigdigang Mag-aaral at Mga Numero ng Social Security* (Publication No. 05-10181-TL).

(kabila)

## Edad

Dapat mong ibigay ang iyong banyagang katibayan sa kapanganakan (birth certificate) kung ikaw ay mayroon nito o kung maaari mo itong kunin sa loob ng 10 araw na may pasok. Kung hindi, maaari naming isaalang-alang ang ibang mga dokumento, tulad ng iyong pasaporte o isang dokumento na ipinagkaloob ng DHS, bilang katibayan ng iyong edad.

## Gaano katagal bago makakuha ng numero ng Social Security?

Kailangan namin na siyasatin muna ang iyong mga dokumento sa DHS bago kami magbigay sa iyo ng numero ng Social Security. Matapos na makatanggap ng pagpapatotoo mula sa DHS, ipapadala namin sa pamamagitan ng koreo ang iyong card sa Social Security. Kadalasan, mas mabilis naming mapatunayan ang iyong mga dokumento sa pamamagitan ng DHS online. Kung ang iyong mga dokumento ay hindi maaaring malaman online, maaaring abutin ng ilang linggo bago masagot ng DHS ang aming kahilingan. Kami ay lubos na nakikipagtulungan sa DHS upang mabawasan ang mga pagkaantalang ito.

## Kailangan ko bang magkaroon muna ng aking numero bago ako makapagsimulang magtrabaho?

Hindi ka namin inaatasan na magkaroon ng numero ng Social Security bago ka magsimulang magtrabaho. Gayunpaman, ang Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS) ay inaatasan ang mga employer na gamitin ang iyong numero ng Social Security sa pag-uulat ng iyong mga sahod.

Habang naghi-hintay ka ng numero ng Social Security mo, ang iyong pinagli-lingkuran ay maaaring manga-ilangan ng kasulatang nag-mula sa amin na nagpa-patunay na ikaw ay nag-hain na ng numero. Magagamit ng pinaglilingkuran mo ang iyong mga katibayang nanggaling sa DHS na nagpa-patunay na ikaw ay may kapahintulutang mag-trabaho sa United States.

Maka-kakuha din ng marami pang kaalaman ang mga pinagli-lingkuran sa Internet na matatagpuan sa ***www.socialsecurity.gov/employer/hiring.htm***.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10107-TL
Foreign Workers And Social Security Numbers (Tagalog)
September 2011